
# 1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:
## Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok**
**Unang Edisyon, 2020**

Paunawa hinggil sa karapatang sipi. Isinasaad ng **Seksyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293**: Hindi maaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagalathala (*publisher)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rhodora S. Zambrano, Venus A. Cadeliña

**Editor:** Marilou G. Gammad, Ana Grace M. Gallardo

**Tagasuri:** Denis M. Agbayani, Alexander Domingo

**Tagaguhit:** Reynaldo A. Simple

**Tagalapat:** Reynaldo A. Simple

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas, Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Ruby B. Maur
Cherry Grace D. Amin
Alexander Domingo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________

**Department of Education – Region 02**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Arts

## Ikalawang Markahan – Modyul 4:
## Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang sining ay nasa ating paligid, kung kaya't nakalulugod pagmasdan ang magandang kapaligiran. Sa ating pang-araw- araw na buhay, mula sa ating paggising sa umaga hanggang sa ating pagtulog, tayo ay napapaligiran ng sining. Kaya naman ang sining ay kasama na ng ating buhay.

Tulad ng pagpipinta ng mga bagay sa ating kapaligiran, naipapahayag natin ang malayang kaisipan at damdamin upang makabuo ng magandang likhang sining.


Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

Nakapagkukuwento tungkol sa tanawing ipininta at sa tanawing ipininta ng iba. **(Q2/Wks 7-8-A1PR-Ie-2)**

## *Subukin*

**Panuto**: Pagmasdan ang larawan na nasa ibaba. Suriing mabuti at punan ang patlang upang mabuo ang kwentong tungkol dito. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

.



Isang araw, sa aming ______________________. May isang ______________________ng lumilipad. Nakakita ito ng isang mabangong ______________________. Tuwang-tuwa itong ______________________ rito. Sa wakas may ______________________ na rin ako.

| | | |
|---|---|---|
| bulaklak | paruparo | |
| makakain | hardin | dumapo |

# Aralin 1 — Pagpipinta sa Aming Sariling Sulok

## *Balikan*

Bago ka magpatuloy sa modyul na ito, kaya mo bang sagutin ang mga sumusunod?

1. Anong likhang sining na makikita sa inyong bahay o paaralan ang iyong naipinta?
2. Ano ang iyong naramdaman habang ginagawa mo ito?
3. Kanino mo naibahagi ang iyong ginawang likhang sining?

## *Tuklasin*

Ipakita ang ipininta ng guro. Pagkatapos ay sagutin ang **Suriin.**



## *Suriin*

1. Ano-ano ang makikita sa ipinintang sining?

   ______________________________________________

2. Saan ito matatagpuan?

   ______________________________________________

3. Ano ang naibibigay nito sa atin?

   ______________________________________________

Kaya mo bang magkuwento tungkol sa larawan?

Subukan natin.

Sa bakuran ay may punong ______________ at halamang may maraming _________ at talagang nakamamangha ang nagpakitang ________.

Sa bakuran ay may punong hitik sa bunga at halamang may maraming bulaklak at talagang nakamamangha ang nagpakitang bahaghari.

**Tandaan:**

Ang ating kapaligiran ay magandang basehan sa pagpipinta. Malaya tayong nakagagawa ng isang likhang sining gamit ang ating malawak na imahinasyon at damdamin.

Nakapagpapahayag din tayo ng ating sariling opinion tungkol sa larawang ipininta. Maaari rin natin itong gawan ng isang maikling kuwento.

# *Pagyamanin*

## Gawain 1

**Panuto**: Pag-aralang mabuti ang nakalarawang sining sa loob ng kahon. Sagutin ang mga tanong tungkol dito.



1. Saan matatagpuan ang sining na nasa larawan?

   ______________________________________________

2. Ano ang ginagawa ng mga tao sa larawan?

   ______________________________________________

3. Ano kaya ang nararamdaman ng mga taong gumagawa?

   ______________________________________________

## Gawain 2

Pag-aralang mabuti ang larawan sa Gawain 1.
Magkuwento tungkol dito.
Kumpletuhin ang talata sa ibaba.

Napakaganda ng tanawin sa _______________________. Nakawiwili ding panoorin ang mga taong _______________ ng palay. Napakalinis ng ____________ na dumadaloy mula sa talon.

## Gawain 3

**Panuto**: Pag-aralang mabuti ang nakalarawang sining sa loob ng kahon. Punan ang mga patlang upang makabuo ng kuwento.



Ang mga ______________________ ay magaganda at mababango. Gustong-gustong dumapo ng mga ______________________ sa mga ito. Kaakit – akit ang mga bulaklak na may iba't-ibang___________.

Masaya ako at mga_______________ ko kapag sa hardin kami ay naglalaro.

## Isaisip


**Panuto**: Punan ang bawat patlang ng tamang salita mula sa loob ng kahon upang mabuo ang kaisipan ng Modyul na ito.

Sa Modyul na ito, natutunan ko na ang sining ng ____________________ ay maaring maging basehan ang lahat ng bagay na makikita sa ____________________. Malaya nating naipapahayag ang ating ____________________. Maaari rin tayong makabuo ng ____________________ sa tulong ng mga nasa larawan.

| | |
|---|---|
| kuwento | kaisipan |
| pagpipinta | kapaligiran |

## Isagawa

**Panuto**: Pag-aralang mabuti ang sining sa loob ng kahon.



Magkuwento tungkol sa sining na ito.
Sumulat ng 2-3 na pangungusap tungkol sa sining.

________________________________________________________________

________________________________________________________________

___________________________________________

Narito ang **rubrik** ng iyong isinulat na kuwento.

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Natapos sa takdang oras ang maikling kuwento ng ayon sa nasa larawan. | 5 |
| Natapos sa takdang oras ang maikling kuwento ngunit hindi naaayon sa larawan. | 4 |
| Naaayon sa larawan ang sinulat ngunit hindi natapos. | 3 |
| Nasimulang sumulat ng maikling kuwento. | 2 |
| Walang naisulat na kuwento. | 1 |



## *Tayahin*

Ang bahaging ito ng Modyul ay susukat sa kabuuan ng iyong natutunan upang malaman kung ikaw ay magpapatuloy sa susunod na Modyul o hindi. Kapag nakakuha ka ng **3-5**, magpatuloy, **0-2**, ulitin ang Modyul.

**Panuto**: Pagmasdan ang larawan na nasa ibaba. Suriing mabuti at punan ang patlang upang mabuo ang kwento. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.



Ako ay may alagang inahing ______________________. Mayroon itong ____________________na sisiw. Tuwing umaga ako ay kanilang _____________________. Lagi ko silang binibigyan ng ____________________. Kay gandang pagmasdan habang sila ay kumakain. Akin silang aalagan at ____________________.

| | |
|---|---|
| anim | mamahalin |
| ginigising | manok |
| pagkain | |

## *Karagdagang Gawain*

Sa bahaging ito, ikaw ay gagawa ng sining mula sa iyong natutunan. Sumulat ng maikling kuwento tungkol sa ipinintang larawan sa nakaraang aralin.

Nasa ibaba ang **rubrik** ng iyong likhang-sining.

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Natapos sa takdang oras ang maikling kuwento ng ayon sa nasa larawan | 5 |
| Natapos sa takdang oras ang maikling kuwento ngunit hindi naaayon sa larawan | 4 |
| Naaayon sa larawan ang sinulat ngunit hindi natapos. | 3 |
| Nasimulang sumulat ng maikling kuwento | 2 |
| Walang naisulat na  kuwento | 1 |

# *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin: | Isaisip: | Tayahin: |
|---|---|---|
| 1. hardin | 1. pagpipinta | 1. manok |
| 2. paruparo | 2. kapaligiran | 2. anim |
| 3. bulaklak | 3. kaisipan | 3. ginigising |
| 4. dumapo | 4. kaisipan | 4. pagkain |
| 5. makakain | 5. kuwento | 5. mamahalin |

## *Sanggunian*

Arts 1 MELC Curriculum Guide
Arts 1Teachers' Guide

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph